

***Kung mayroon akong ibang uri ng polisa sa seguro na katulad ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa, kailangan ko pa rin bang kumuha ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa?***

**Oo.** Hinihingi pa rin ng batas na magkaroon ka ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa. May mga polisiya na nagbibigay ng ilang medikal na proteksiyon at pamalit sa sahod kung magkakaroon ng aksidente. Ang mga polisang ito ay limitado at hindi naibibigay ang mga benepisyong hinihingi ng IWCA.

***Ang isang kompanya ba na nasa labas ng estado ay kailangang magbigay ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa sa Illinois?***

**Saklaw ng IWCA ang**

1. Mga taong may trabaho na nagreresulta sa pagkapinsala sa loob ng Illinois, o
2. Mga taong ang trabaho ay pangunahing matatagpuan sa loob ng Illinois, o
3. Mga taong ang kontrata para sa pagtatrabaho ay ginawa sa Illinois

Kung ang isang kompanya sa labas ng estado ay nagnenegosyo kasama ang mga empleyado nito sa Illinois, kahit naninirahan sa labas ng Illinois ang mga manggagawa, ang kompanyang iyon ay dapat magbigay ng polisa ng seguro sa kompensasyon ng manggagawa na may kasamang proteksiyon ng Illinois para sa mga manggagawang iyon.

Kung ang isang empleyado mula sa isang kompanya sa labas ng estado ay napinsala sa pagtatrabaho sa Illinois, may karapatan siyang maghain ng paghahabol sa Illinois. Tanging isang polisa ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa na kasama ang Illinois sa proteksiyon nito ang balido.

***Sasagutin ba ng aking planong pangkalusugan ng grupo o ng seguro ng kapansanan sa pagtatrabaho ang kompensasyon ng mga manggagawa?***

**Hindi.** Ang planong pangkalusugan ng grupo, polisa sa kapansanan sa trabaho, pangkalahatang pananagutan, kapansanan o seguro sa ari-arian ay hindi sasagutin ang pananagutan sa kompensasyon ng mga manggagawa at hindi sumusunod sa batas. Tanging ang polisa sa kompensasyon ng mga manggagawa ang tumutupad sa rekesitong ito. Ang proteksiyon na ito ay kailangang bilhin mula sa isang carrier na awtorisadong sumulat ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa sa Illinois.

***Maaari bang iawas ng aking nagpapatrabaho ang pera mula sa aking suweldo para sa seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa?***

**Hindi.** Hindi maaaring singilin ng nagpapatrabaho ang mga empleyado, sa anumang paraan, para sa mga benepisyo sa kompensasyon ng mga manggagawa o mga premium ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa.

**Kagawaran ng Seguro ng Illinois  
(Illinois Department of Insurance)  
Dibisyon ng Pagsunod sa Seguro sa  
Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers'  
Compensation Insurance Compliance Division)**

122 S. Michigan Ave., 19th Floor Chicago,  
IL 60603

**Mga tip?** (312) 814- 8224 o  
wcc.infoquestions@illinois.gov

**Para sa karagdagang impormasyon:**  
Bumisita sa aming website: [insurance.illinois.gov](http://insurance.illinois.gov)  
Makipag-ugnayan sa:  
[wcc.infoquestions@illinois.gov](mailto:wcc.infoquestions@illinois.gov) o  
sa WCC Information Desk (312) 814-6611

*Pagtatatwa: Ang impormasyong ito ay hindi nilayon na maging isang buong paglalahad sa probisyon ng seguro ng Batas sa Kompensasyon ng Mga Manggagawa sa Illinois (Illinois Workers' Compensation Act). Para sa higit pang impormasyon, iminumungkahi naming makipag-ugnayan kayo sa isang abogado may kaalaman tungkol sa kompensasyon ng mga manggagawa.*



Estado ng Illinois  
(State of Illinois)  
KAGAWARAN NG SEGURO NG ILLINOIS  
(ILLINOIS DEPARTMENT OF INSURANCE)

# Pagsunod sa Seguro sa Kompensasyon ng mga Manggagawa sa isang Sulyap



# Seguro sa Kompensasyon ng Mga Manggagawa: Ito ang BATAS.

***Gaano karaming empleyado dapat mayroon ang isang nagpapatrabaho para mapasailalim sa Batas sa Kompensasyon ng mga Manggagawa sa Illinois (Illinois Workers' Compensation Act, IWCA)?***

Kung ang nagpapatrabaho ay may isang empleyado, kahit isang part-time na empleyado, ang nagpapatrabaho ay kailangang magbigay ng proteksiyon ng kompensasyon ng mga manggagawa.

***Mayroon bang panahon ng paghihintay para sa proteksiyon sa kompensasyon ng mga manggagawa?***

**Hindi.** Mula sa sandaling sila ay tinanggap, ang mga empleyado ay dapat nakaseguro na.

***Ang mga empleyadong miyembro ng pamilya ay kailangan bang maseguro?***

**Oo,** maliban kung;

1. Sila ay mga tunay na opisyal ng kompanya, o
2. Nagtatrabaho sila para sa isang negosyong pang-agrikultura na gumagamit ng mas mababa sa 400 araw ng pagtatrabaho kada quarter sa nakaraang taon ng kalendaryo, hindi kasama ang mga oras ng pagtatrabaho ng asawa ng nagpapatrabaho at iba pang miyembro ng kaniyang malapit na pamilya na naninirahan kasama kaniya.

***Anu-ano ang mga multa kung ang isang nagpapatrabaho ay nabigong magbigay ng seguro sa kompensasyon sa mga manggagawa?***

Ang isang nagpapatrabaho na nakababatid at sinasadyang mabigong magbigay ng seguro ay maaaring pagmultahin ng hanggang \$500 para sa bawat araw ng hindi pagsunod, na may pinakamababang multa na \$10,000. Maaaring personal na managot ang mga opisyal ng korporasyon kung hindi mabayaran ng kompanya ang multa.

Kung ang isang nagpapatrabaho ay napatunayang hindi sumusunod sa anumang probisyon ng talata (a) ng Seksiyon 4 nang higit sa isang beses, ang Komisyon sa Kompensasyon ng mga Manggagawa sa Illinois (Illinois Workers' Compensation Commission, WCC) ay maaaring magtasa ng multa na hanggang \$1,000 bawat araw para sa bawat araw ng hindi pagsunod, na may pinakamababang multa na \$20,000.

Kung sa pagkatapos ng pagdinig ay malaman ng Komisyon na nabigo ang isang nagpapatrabaho na magbigay ng proteksiyon ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa, ang nasabing kabiguan ay dapat ituring na isang agarang seryosong panganib sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko. Ito ay magbibigay-katwiran sa paglalabas ng kautusan sa pagtigil ng trabaho, na nangangailangan ng pagtigil sa lahat ng operasyon ng negosyo nito. Kung ang negosyo ay idineklara na sobrang mapanganib, ang Komisyon ay maaaring maglabas ng isang kautusan sa pagtigil ng trabaho bago pa man magsagawa ng pagdinig.

Bilang karagdagan, ang mga opisyal ng korporasyon na napatunayang *nagpabaya* sa pagbibigay ng seguro ay maaaring nagkasala ng Class A misdemeanor; kung sila ay napatunayang *sadyang* nabigo ay maaaring sila ay nagkasala ng isang Class 4 na krimen.

Ang isang nagpapatrabaho na *sadyang* nabigo na magbigay ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa, ay mawawalan ng proteksiyon na ibinigay sa mga nagpapatrabaho ng Batas sa Kompensasyon ng mga Manggagawa (Workers' Compensation Act). Ang isang empleyado na napinsala sa panahong ang nagpapatrabaho ay walang seguro ay maaaring magdemanda sa nagpapatrabaho sa hukumang sibil, kung saan ang mga pinsala ay walang limitasyon.

***Ako ay nag-iisang may-ari/kasosyo sa negosyo/opisyal ng korporasyon/miyembro ng isang limitadong kompanya ng pananagutan. Kailangan ko bang bumili ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa?***

Ang mga nag-iisang may-ari, aktwal na opisyal ng korporasyon, kasosyo sa negosyo at miyembro ng mga kompanyang limitado ang pananagutan ay maaaring piliin na sumailalim o hindi sumailalim sa Batas. Hindi ito nalalapat sa mga nagpapatrabaho sa mga sobrang mapanganib na trabaho. Ang mga nagpapatrabaho sa mga sobrang mapanganib na trabaho tulad ng konstruksyon, trucking, o isang negosyong tumatakbo sa lugar ng konstruksyon, ay dapat may seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa.

***Kung gumagamit ako ng kompanya ng serbisyo ng payroll para iproseso ang aking payroll, kailangan ko pa bang magbigay ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa?***

Ang mga kompanya ng serbisyo sa payroll na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagpoproseso ng payroll ay karaniwang hindi nagbibigay ng seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa para sa mga kompanyang kanilang pinaglilingkuran. Kayo pa rin ang nagpapatrabaho at mananagot sa pagtiyak na ang inyong kompanya ay may kinakailangang seguro sa kompensasyon ng mga manggagawa. Hindi ninyo dapat ipagpalagay na may ibang tao na responsableng nangangalaga ng seguro sa kompensasyon ng inyong mga manggagawa.

